# ANG MGA KALIGAYAHAN SA PARAISO (BAHAGI 1 NG 2)

**Marka:**

**Paglalarawan?:** Ang una sa dalawang bahagi ng artikulo na tumutukoy sa pangunahing pagkakaiba sa pagitan ng Paraiso at buhay sa mundong ito. Unang Bahagi: Ang kawalan ng mga bagay na ito na nagdudulot ng kalungkutan, sakit at pagdurusa sa buhay na ito.

**Kategorya:** Mga Artikulo Ang Kabilang Buhay Paraiso

**Kategorya:**
Mga Artikulo Ang mga Pakinabang ng Islam Ang Pintuan papunta sa Paraisong Walang-hanggan

**Ni:** M. Abdulsalam (© 2006 IslamReligion.com)

**Nailathala noong:** 24 Aug 2020
**Huling binago noong:** 10 Sep 2023



Ang katotohanan ng Paraiso ay isang bagay na hinding hindi maiintindihan ng tao hanggang makapasok sila dito, ngunit ang Diyos ay nagbigay sulyap sa Quran. Inilarawan Niya ito na isang lugar na ibang-iba sa buhay sa mundo, sa likas na katangian at layunin sa buhay, pati na rin sa uri ng kasiyahan na matatamasa ng mga tao dito. Ang Quran ay nagsasabi sa mga tao tungkol sa Paraiso na ipinangako ng Diyos. Inilalarawan nito ang malaking pagpapala at ipinapahayag nito ang kagandahan sa lahat. Ipinapabatid nito na ang Paraiso ay isa pang buhay na nakalaan para sa kanila sa kabilang buhay, at lahat ng magagandang bagay sa Paraiso ay mapapasa kanila sa antas na hindi pa naabot ng kanilang abilidad at imahinasyon. Ipinapakita din nito na ang Paraiso ay isang lugar kung saan lahat ng pagpapala o biyaya ay ginawang perpekto at lahat ng tao ay mahahandugan ng lahat ng ninanais ng kanilang puso't kaluluwa. Ang kanilang pangangailangan, at mga naisin ay mawawala, ang pagkabahala o kalungkutan, pagdadalamhati at panghihinayang ay aalisin. Lahat ng uri ng kagandahan at pagpapala ay matatagpuan sa Paraiso, at ipapakita ito ng may kaganapan at perpekto na hinding hindi pa nasasaksihan kailanman. Inihanda ito ng Diyos bilang isang handog sa mga taong kinalulugdan Niya.

Ngunit ano nga ba ang likas na katangian ng kasiyahan sa Paraiso, at ano ang pagkakaiba nito sa kasiyahan sa mundo? Susubukan naming ilahad ang mga ilang pagkakaiba.

## Purong kasiyahan na walang sakit at pagdurusa

Habang ang mga tao sa mundo ay nakakaranas ng kasiyahan, sila din ay humaharap sa labis na paghihirap at pagdurusa. Kung susuriin nila ang buhay na mayroon sila ay mapagtatanto na ang paghihirap nila ay higit pa sa kanilang natamasang kaginhawaan. Ngunit sa kabilang buhay, walang hirap o pagdurusa, at ang mga tao ay mamumuhay ng may tunay na galak at kasiyahan. Lahat ng sanhi ng sakit at pagdurusa na nararanasan ng mga tao ay wala sa kabilang buhay. Ating alamin ang iba pang mga sanhi nito.

## Kayamanan

Kung iisipin ang tagumpay sa buhay sa mundo, madalas na iniuugnay ito sa imahe ng malalaking bahay, magagandang alahas at mga kasuutan, at mamahaling mga sasakyan; ang karangyaan ang nakikitang susi sa masayang pamumuhay. Karamihan sa mga tao ay hindi maihiwalay ang tagumpay sa kayamanan kahit na ito ay nalalayo sa katotohanan. Ilang beses na ba nating nasaksihan ang miserableng buhay ng mga pinakamayayamang tao na minsan ay nagiging sanhi sa pagkitil ng sarili nilang buhay! Ang kayamanan ay isang bagay na nais ng mga tao maging anuman ang kapalit nito, at ang paghahangad na ito ay nilikha para sa isang mahalaga at makabuluhang layunin. Kapag ang pagnanais na ito ay hindi nakamtan, nagiging sanhi ito ng kalungkutan ng isang tao. Sa kadahilanang ito, ipinangako ng Diyos sa lahat ng maninirahan sa Paraiso mula sa mga taong mahihirap na nakakaranas ng gutom at uhaw hanggang sa mga taong nakakaangat sa buhay na nagnanais ng higit pa, na magkakaroon sila ng lahat ng kayamanan at pag-aari na kanilang ninanais. Binigyan tayo ng Diyos ng sulyap noong sinabi Niya:

***“... naroroon ang lahat ng anumang naisin ng kanilang kaluluwa, lahat ng magbibigay ligaya sa kanilang paningin …” (Quran 43:71)***

***“Magsikain kayo at uminom ng ganap at nasisiyahan bilang gantimpala (sa kabutihang nagawa) sa mga araw na nagdaan!” (Quran 69:24)***

***“… Sila ay papalamutian ng pulseras na ginto, at sila ay magsusuot ng berdeng kasuutan na may pinong sutla at mabigat na brocade. Sasandal sila sa naka-angat na mga luklukan. Gaano kainam ang gantimpala! Gaano kaganda ang isang sopa [doon] upang sandalan!” (Quran 18:31)***

## Karamdaman at Kamatayan

Isa pang sanhi ng sakit at pagdurusa sa buhay na wala sa Paraiso ay ang kamatayan o karamdaman ng mahal sa buhay. Walang makakaramdam ng sakit o karamdaman sa Paraiso. Si Propeta Muhammad, nawa ang awa at mga pagpapala ng Diyos ay mapasakanya, ay nagbanggit tungkol sa mga tao sa Paraiso:

***“Kailanman ay hindi sila magkakasakit, sisinga o dudura.” (Saheeh Al-Bukhari)***

Walang mamamatay sa Paraiso. Lahat ay mabubuhay ng walang hanggan na tinatamasa ang kasiyahan dito. Sinabi ni Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Diyos) na isang tagatawag ang magsasabi sa Paraiso kapag papasok na ang mga tao dito:

***“katotohanan, nawa ay maging malulusog kayo at hindi na muling magkakasakit, nawa ay mabuhay at hindi na kayo muling mamatay, nawa'y maging bata kayo at hindi na muling tumanda, nawa’y maging masaya kayo, at hindi na muling makaramdam ng kalungkutan at panghihinayang.” (Saheeh Muslim)***

## Relasyon sa Lipunan

Para naman sa labis na pagsisising nadarama dahil sa pagkasira ng mga relasyon, hinding hindi na makakarinig ang mga tao ng masasama o masasakit na puna o salita sa Paraiso. Pawang mga mabubuti at payapang salita lamang ang kanilang maririnig. Ang sabi ng Diyos:

***“Hindi nila maririnig doon ang masamang pananalita o komisyon ng kasalanan. Kundi ang mga salita lamang na: Kapayapaan! Kapayapaan!” (Quran 56:25-26)***

Hindi magkakaroon ng pagkapoot o sama ng loob sa pagitan ng mga tao:

***“At aalisin Natin sa kanilang mga dibdib ang anumang (kapwa) poot o pakiramdam ng pinsala (na mayroon sila, kung mayroon man, sa buhay sa mundong ito)…” (Quran 7:43)***

Ang sabi ng Propeta:

***“Wala ng pagkapoot o sama ng loob sa kanila, ang kanilang mga puso ay magiging isa, at luluwalhatiin nila ang Diyos, sa umaga at gabi.” (Saheeh Al-Bukhari)***

Ang mga tao ay magkakaroon ng pinakamahusay na mga kasamahan sa kabilang buhay, na naging pinakamahuhusay din sa mundo:

***“At ang sinumang sumunod sa Diyos at Sugo - sila ang makakasama sa mga pinagkalooban ng Diyos ng pabor - ang mga propeta, ang matatatag na nagpatunay ng katotohanan, mga martir at matutuwid. At napakahusay nila bilang mga kasamahan!” (Quran 4:69)***

Ang puso ng mga tao sa Paraiso ay magiging dalisay, ang kanilang salita ay magiging mabuti, ang kanilang gawa ay magiging matuwid. Walang nakakasakit, nakakainis o

nakakagalit na pananalita dito, dahil ang mga walang kwentang salita at gawa ay wala sa Paraiso. Kung tatalakayin natin ang mga sanhi ng pighati sa buhay, tiyak na matutuklasan natin ang kawalan nito o kabaliktaran nito sa Paraiso.

Ang web address ng artikulong ito:

https://www.islamreligion.com/tl/articles/11/ang-mga-kaligayahan-sa-paraiso-bahagi-1-ng-2

Copyright © 2006-2020. Lahat ng mga karapatan ay inilaan. © 2006 - 2023 IslamReligion.com. Lahat ng mga karapatan ay inilaan.